Ang Iyong Impormasyon
Ito'y Pribado

Ano ang mangyayari sa iyo habang kayo ay isang Kustomer ng serbisyong ito?

Sino Kami?
Kami ay ilan sa mga serbisyong pangkalusugan at pangkumunidad sa iyong lugar na sama-samang nagtutulungan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Ano ang mga impormasyong kinukulekta namin tungkol sa iyo?
Aming itinatala ang iyong pangalan at mga iba pang detalye sa iyong talaan bilang kustomer. Ang iba pang mga detalye tulad ng plano sa iyong pangangalaga at impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ay aming itinatala sa bawat pagbisita niyo.

Bakit kami nangungulekta ng impormasyon?
Ang kinukulektang impormasyon ay nakakatulong sa amin upang laging tama at napapanahon ang detalye sa iyong pangangailangan, upang kayo ay maalagaan sa pinakamahusay na paraan. Ginagamit din namin ang impormasyon upang mas maigi ang pangangasiwa at pagpaplano sa serbisyong ito.

Sino pa ang nakakakita sa impormasyon tungkol sa iyo?
Ang iyong impormasyon ay makikita lamang ng mga propesyonal na kabilang sa serbisyo ng pangangalaga sa iyo. Kung sakali man, ibibigay lamang namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung kayo ay sumasang-ayon o itinatakda ng batas, tulad ng medical emergency.

Ano ang iyong karapatan tungkol sa iyong impormasyon?
Kayo ang makakadesisyon kung ano ang dapat gawin sa iyong impormasyon. Ginagamit lamang namin ang impormasyong binigay niyo sa amin upang madulutan kayo ng wastong pangangalaga. Kung ayaw niyong ibahagi ang iyong impormasyon o huwag ipakita ang talaan tungkol sa iyo, ito ay iyong karapatan, pero maaring ma-apektuhan ang aming kakayanang mabigyan kayo ng maaring pinakamahusay na serbisyo. Ipaalam niyo sa amin kung nais niyong baguhin o kanselahin ang pahintulot na binigay niyo.

Paano mapapangalagaan ang iyong impormasyon?
Aming itinataguyod ang pagka-kumpidensiyal ng iyong talaan. Ang pagkapribado ng iyong impormasyon ay protektado rin ng batas. Mahigpit naming itinuturing na ang iyong impormasyon ay kumpidensiyal at ganap namin itong itinatago.

Maari niyo bang tignan ang iyong impormasyon?
Oo, mayroon kayong karapatang humingi ng pagkakataong makita ang nilalaman ng iyong impormasyon at ito ay baguhin kung kinakailangan.

Mayroon pa ba kayong ibang katanungan?
Malugod naming kayong ina-anyayahan na kausapin ang isa sa aming staff, kung mayroon kayong tanong o di pagsang-ayon tungkol sa kung ano ang mangyayari sa iyong impormasyon habang kayo ay isang kustomer o kaya kung gusto niyong tignan ang iyong talaan.

The Department of Human Services, 2009

Victoria
The Place To Be